

Siblaw Taraw

hango sa salaysay ni Arfonso
Nacleo

May isang napakalalim na lawa sa Fiallig na ang tawag ay Siblaw. Naniniwala ang mga lfiiallig na mahiwaga ito. Nasa ibabaw ng bundok ang lawa at mahirap hanapin ang daan. Kakaunti ang nakakaalam sa daan patungong Siblaw dahil itinatago ito ng masukal na gubat. Sabi ng matatanda, buhay ang gubat na nagbabantay sa Siblaw. Sa gitna ng kasukalan nito, mararamdaman mo ang di-mabilang na mga mata ng gubat na nagmamasid sa bawat kilos mo.

Noong unang panahon, naisipan ng isang matikas na lfiiallig na mamasyal sa Siblaw upang mangaso dahil maraming usa at baboy-damong naliligo doon. Madaling araw pa lamang nagtungo na siya sa kanyang apor sa Tungcho, isa ring lawa na mas mababa kaysa Siblaw, upang magpahinga. Nang makarating dito, inilapag niya ang kanyang suot na *fiangiw* at *fiangkaw*. Matapos magluto ng kanyang pagkain, nag-igib siya ng tubig at nagpahinga. Bagama't madilim pa, nagpasya ang binatang umakyat na sa Siblaw dahil iyon ang oras na naglulublob ang mga hayop.

Nang makarating sa Siblaw, may nakita siyang mga usa. Dahan-dahan at patago niyang nilapitan ang mga ito. Pinili niya ang pinakamalusog. Nasapul niya ito ng kanyang fiangkaw, binuhat at dinala sa kanyang apor. Sinunog niya ang balat nito at kinatay. Sa tagal ng pagkatay, gabi na nang matapos siyang kumain.

Lumabas siya ng apor at tumingin sa langit. Nakita niyang kabilugan ng buwan. Maliwanag sa gubat. Di gaanong masukal. Nagpasya siyang maglakad-lakad, nagbabaka-sakaling may mahuli pang karagdang karne. Umakyat siyang muli sa Siblaw. Habang naglalakad, nakarinig siya

ng mga nagtatawanan. Tinig ng mga babae. Nang tuntunin niya ang kinaroroonan ng mga tinig, nalaman niyang nagmumula sa Siblaw ang mga ingay. Naliligo ang mga babae. Mga nakahubad. Takang-taka siya kung saan nanggaling ang mga babae at kung bakit sa gabi sila naliligo sa lubluban ng mga hayop. Pinanood lamang niya ang mga ito habang naliligo at pagkatapos, nagtungo na siyang muli sa kanyang apor. Hindi siya nakatulog sa kaiisip sa kanyang natunghayan.

Kinaumagahan, umuwi siya sa ili dala-dala ang kanyang mga napangaso. Ngunit hindi niya malimutan ang kanyang nakita at lagi pa rin niyang iniisip kung sino at ano ang mga iyon. Nagtungo siyang muli sa kanyang apor. Nagpahinga siya, nagluto at kumain. Hinintay niya ang dilim. Noong gabing iyon, bilog pa rin ang buwan. Hindi pa man malalim ang gabi, nagtungo na siya sa Siblaw.

Nagkubli siya sa likod ng mga puno. Habang nakaupo siya, napansin niyang lumiwanag ang langit. Tumingala siya at nakita niyang may mga nilalang na may pakpak na bumababa mula sa langit. Kumikislap sila, pati na ang kanilang mga damit at mga pakpak. Lumusong sila sa tabi ng lawa, malapit sa malalim. Nagsimula silang maghubad. Tiningnan niya ang pinakamaganda. Pinagmasdan niya ito habang naghuhubad at tinandaan niya kung saan nito inilapag ang kanyang mga damit. Lumusong na silang lahat sa malalim na bahagi ng lawa, may kalayuan sa pinaglapagan nila ng kanilang mga damit. Lumapit ang binata sa kinalalagyan ng mga damit at kinuha niya ang isang pakpak ng pinakamagandang babae. Itinago niya ito sa kanyang *finali* at dinala sa kanyang apor.

Nang sumapit ang madaling araw, bumalik siyang muli sa Siblaw. Nandoon ang magandang babae, nakaupo at umiiyak. Lumapit ang binata sa babae at kunwari'y nagtanong, "Bakit ka umiiyak?"

“Nawawala ang isa kong pakpak. Hindi ko alam kung sino ang kumuha. Umuwi na ang mga kapatid ko sa langit ngunit isa na lang ang aking pakpak. Hindi ako makalipad,” sabi ng babae.

“Kawawa ka naman,” sabi ng binata. “Kung gusto mo, pumunta na lang muna tayo sa apor ko dahil nag-iisa ka lamang dito.” Napilitang pumayag ang babae at sumama siya sa apor. Doon, kumain sila ng usang niluto ng binata. Matamlay ang babae dahil naiwan siya ng kanyang mga kapatid.

“Anong pangalan mo?” tanong ng binata.

“Isa akong *taraw*,” sagot ng babae. “Iyong mga kasama ko, taraw din ang mga iyon. Bumababa kami tuwing kabilugan ng buwan dahil iyon lang ang panahon na pinapayagan kami ng aming ama sa langit na maligo doon sa malalim na lawa. Ngunit ngayon lang nangyaring may kumuha ng aking pakpak.”

“Ano ang gagawin natin ngayon?” tanong ng binata. “Hanapin na lang natin bukas ang iyong pakpak.” Sumang-ayon naman ang babae.

Kinaumagahan, maaga pa’y naghanap na sila. Dahil nga itinago ng binata ang kaparis na pakpak, hindi nila ito nakita. Niyaya na lamang ng binata na maging asawa niya ang taraw. Dahil hindi na rin naman siya makababalik sa langit, pumayag na lamang ito.

Umuwi sila sa bahay ng lalaki sa ili at namuhay bilang mag-asawa. Sa ili, humanga ang mga kasama niya sa kagandahan ng kanyang asawa. Tinanong nila ang lalaki kung saan niya nakilala ang ganoon kagandang babae. Hindi niya ipinaalam ang buong katotohanan at sinabi lamang niya na ‘Taraw’ ang pangalan ng kanyang asawa.

Nagpatuloy sa pagiging mangangaso ang lalaki at si Taraw naman ang nagluluto at naglilinis ng bahay dahil hindi siya marunong magtanim sa payyiw. Lumipas ang ilang taon at nagkaanak sila ng isang babae. Napakaganda ng bata, kamukhang-kamukha ng kanyang ina.

Isang araw na umalis ang kanyang asawa para mangaso, naglilinis si Taraw nang mapansin niyang mayroong nakatagong finali sa may *fiarug* sa bubong ng bahay. Nakita niyang hindi madalas nabubuksan ang finali at lalo siyang nasabik na makita ang nakatago doon. Nang kanyang buklatin, laking pagkagulat niya nang makita ang kabiyak ng kanyang pakpak. Ito ang pakpak niyang nawawala! Ang asawa pala niya ang kumuha at nagtago ng kanyang pakpak. Punit-punit na ito, nginatngat ng ipis kaya't butas-butas na.

Dahil gagabihin pa ang kanyang asawa, tinagpian at sinulsihan niya ang natagpuan niyang pakpak hanggang sa maayos ito. Maayos naman niyang naitabi ang kaparis ng pakpak at inilabas rin niya ito. Nang subukan niyang gamitin ang kanyang mga pakpak, nakalipad na siya. Nais na sana niyang lumipad pabalik sa kanyang mga magulang at mga kapatid, at iwanan ang asawa niyang nanloko sa kanya. Ngunit napalingon siya at nakitang napakaliit pa ng kanyang anak. Dala ng awa, bumalik siya upang hindi maiwanan ang kanyang sanggol. Nagpasya siyang hintaying umabot sa hustong gulang ang kanyang anak bago siya lumisan papuntang langit. Ibinalik niyang muli ang kaparis na pakpak sa finali at itinago sa *fiarug*.

Paminsan-minsan, tinitingnan din pala ng asawa niya ang finali. Tuwing nakikita niyang nandoon ang pakpak, napapanatag ang loob niyang hindi pa natutuklasan ni Taraw ang kanyang lihim.

Nang maglabing-limang taon ang kanilang anak, nagpasiya si Taraw na ito na ang tamang panahon ng pagbalik niya sa langit. Nang umalis ang kanyang asawa upang mangaso,

tinawag ni Taraw ang kanyang anak upang kausapin. “Anak, dahil dalaga ka na, nagpasiya akong lumipad pabalik sa langit,” sabi niya.

Nagulat ang kanyang anak nang makitang may pakpak ang kanyang ina. “Bakit?” tanong niya. “Anong uring nilalang ba kayo?”

“Isa akong talang bumaba dito sa lupa upang maligo lamang sa Siblaw,” paliwanag ng ina. “Ngunit hindi ko alam na nang araw na iyon, kinuha at itinago pala ng iyong ama ang isa kong pakpak kaya’t hindi na ako nakabalik sa langit at napilitan akong maging asawa niya. Ngunit ngayong nahanap ko na ulit ang aking pakpak, uuwi na ako sa langit kung saan naghihintay ang aking ama.

“Ngunit bago ako umalis, mag-iiwan ako sa iyo ng isang babala. Kung nais mong magtagal ang iyong buhay, huwag na huwag kang sasayaw kung may nagdadaos ng piging,” dagdag ng ina.

“Magpapaalam na ako sa iyo,” malungkot na sinabi ni Taraw sa kanyang anak. “Sabihin mo na lamang sa iyong ama na hindi na ako babalik.” Lumipad papuntang langit si Taraw at nakatingalang hinahabol siya ng tingin ng kanyang dalagang anak.

Nang magbalik ang ama mula sa pangangaso, napansin nito ang kakaibang katahimikan sa kanilang bahay. Walang nag-uusap sa loob. Nang tawagin niya ang mag-ina, ang anak na lamang niya ang lumabas. Sinabi ng dalaga sa kanyang ama na alam na niya ang lahat ng pangyayari. Sinabi rin niyang lumipad ang kanyang ina patungong langit at hindi na babalik. Nagulat ang ama at agad niyang tiningnan ang finali kung saan nakatago ang pakpak. Wala na itong laman. Batid niyang totoo ang sinasabi ng anak.

“Wala na ang ina mo,” sabi niya sa anak. “Dahil dalaga ka na, ikaw na lamang ang magluluto at magtatrabaho dito sa bahay.” Tumango ang dalaga.

Isang araw, may nagdaos ng piging sa Fiallig. Nagpasya ang ama na dumalo sila ng kanyang anak. Maagang nagsimula ang kasiyahan. Matapos kumain ang mga dumalo, tumugtog ang mga *kiangsa* at nag-umpisa ang sayawan. Dahil marunong ding tumugtog ng *kiangsa* ang ama, nakisali siya sa iba pang tumugtog. Hindi naman makasayaw ang dalaga dahil nga sa babala ng kanyang ina.

Pilit naman siyang pinasasayaw ng mga kasama niyang dalaga. “Sige na, sumayaw ka naman, para makita din namin ang sayaw mo. Ang ganda-ganda mo pagkatapos hindi ka sasayaw? Ang ganda pa naman ng tapis mo,” sabi nila.

Nang matapos ang tugtog, tumabi sa kanya ang kanyang ama. Nang mag-umpisang muli ang tugtugan, pinilit na naman siyang sumayaw. “Sige na, sumayaw ka naman para sa amin,” paulit-ulit nilang sinabi.

“Oo nga naman, anak,” sabi ng kanyang ama. “Sumayaw ka na. Ano ang silbi ng pagpunta natin dito kung hindi ka naman sasayaw?” Hindi batid ng kanyang ama ang babala ng ina sa dalaga.

Dahil sa udyok ng ama at dahil na rin sa anyaya ng nakaiindak na tunog ng *kiangsa*, sumayaw ang dalaga. Nang mag-umpisa siyang sumayaw, napatigil ang lahat. Bukod sa maganda siyang babae, napakahusay pa niyang sumayaw. Para siyang lumilipad kung sumasayaw. Tumigil sa pagsasayaw ang iba at nanood na lamang sa kanya. Tuwang-tuwa ang kanyang ama sa kagandahan ng dalaga at sa ipinamalas niyang kahusayan. Natapos din ang tugtog. Noon lamang naalalang muli ng dalaga ang babala ng

kanyang ina. Ngunit hindi pa rin niya ipinaalam sa ama ang lihim nila ng kanyang ina.

Ilang araw makalipas ang kasiyahan, sumama ang pakiramdam ng dalaga. “May sakit ako ama,” sabi niya.

“Bakit, anong nangyari?” tanong ng ama. Ipinagtapat niya sa ama ang babala ng kanyang ina.

“Bakit hindi mo ipinaalam sa akin iyan para ipinagbawal ko sana ang pagsayaw mo?” nag-aalalang sinabi ng ama.

Makalipas ang ilang araw, sa kabila ng paghahanap nila ng iba’t ibang lunas sa kanyang karamdaman, namatay ang dalaga. Labis ang pagsisisi ng ama. Nang mailibing na ang dalaga, hindi na malaman ng ama ang kanyang gagawin. Mag-isa na lamang siya sa kanyang katandaan.